nilagdaan ng 98 katao sa pamumuno ni Aguinaldo. Nakapirma rin ang isang Koronel L.M. Johnson ng hukbong Amerikano. Napakahalaga ng pangyayaring ito sapagkat ipinakita nito sa buong daigdig na ang Pilipinas ay isa nang ganap na malayang bansa.

TUNGO SA PAGTATATAG NG KONGRESO NG MALOLOS

Bilang pagtupad sa nilalaman ng Kasunduan sa Biak-na-Bato, nilisan nina Aguinaldo, kasama ang 36 na iba pang Rebolusyonaryo ang Pilipinas noong Disyembre 27, 1897 at silá ay nagtungong Hong Kong. Pansamantalang natigil ang himagsikan sa pagitan ng mga Pilipino at mga Espanyol.

Alam Mo Ba?

Noong Mayo 19, 1898, bumalik si Aguinaldo sa Pilipinas mula Hong Kong sakay ng bapor ng mga Amerikano na *McCulloch* ayon na rin sa uto ni Komodor George Dewey na siyang pinunò ng plota ng mga Amerikano s Silangan. Nagpulong ang dalawa sa barkong *Olympia* sa baybayin ng Cavite kun saan ipinahayag ni George Dewey na ang tanging layunin ng mga Amerikano s Pilipinas ay tulungan itong makalaya sa mga Espanyol. Napaniwala si Aguinaldo n maganda ang layunin ng mga Amerikano kayâ agad niyang pinulong ang mg rebolusyonaryong Pilipino na matagal nang naghihintay sa kanyang pagbabalik Noong Mayo 24, 1898, itinatag ni Aguinaldo ang isang Pamahalaang Diktatorya na ang layunin ay muling mapag-isa ang mga rebolusyonaryo sa ilalim ng isang pamahalaan. Noong Hunyo 23, 1898, sa payo ni Apolinario Mabini na siyang tagapayo ni Aguinaldo at siya ring "Utak ng Himagsikan," ang Pamahalaang Diktatoryal ay pinalitan ng Pamahalaang Rebolusyonaryo. Sa ilalim ng pamahalaang ito, pinangunahan ni Aguinaldo ang pamahalaan bilang pangulo sa halip na isang diktador. Sa pamamagitan din ng Pamahalaang Rebolusyonaryo ay ipinatupad ang pagtatayo ng iba't ibang sangay ng pamahalaan tulad ng pamahalaang loka at Kongreso. Kayâ naman, noong Setyembre 15, 1898, pinasinayaan sa Simbahan ng Barasoain sa Malolos, Bulacan ang Kongreso na higit na nakilala sa tawag na Kongreso ng Malolos na pinamunuan ni Pedro Paterno. Ngunit ayon sa dekretong lumikha rito, ang Kongreso ng Malolos ay walang kapangyarihang gumawa ng batas kundi ito ay magsisilbi lámang tagapayo ng pangulo.

Sa pamamagitan ng pagpapatibay ng Saligang Batas ng Malolos noong ro 21, 1899 ay nagwakas ang Pamahalaang Rebolusyonaryo at itinatag ang ahalaang Republikano. Kayâ naman, noong Enero 23, 1899, pinasinayaan ang gtatatag ng unang Republika ng Pilipinas sa Simbahan ng Barasoain sa Malolos, ulacan. Ito ay higit na kilalá sa pangalang Republika ng Malolos. Sa ilalim ng pamahalaang ito, ang kapangyarihang tagapagpaganap ay nása kamay ng pangulo katulong ang kanyang gabinete na pinamunuan ni Apolinario Mabini. Si Emilio Aguinaldo ang nagsilbing pangulo ng Republika hanggang sa madakip siya ng mga Amerikano sa Palanan, Isabela noong Marso 23, 1901.

Alam Mo Ba?

1897, pinagtibay ang Saligang Batas ng Biak-na-Bato na binuo nina Felix Ferrer at Isabelo Artacho. Ito ay hinango sa Saligang Batas ng Cuba. Isinasaad sa Saligang Batas ng Biak-na-Bato ang paghiwalay ng Pilipinas sa Espanya at ang pagtatayo ng Republikang Pilipino. Kasáma ring itinatadhana ng Saligang Batas ang kalayaan sa pananampalataya, kalayaan sa edukasyon, kalayaan sa panulat, at kalayaan sa pagtataguyod ng sariling propesyon.

Gumawa ng maraming hakbang si Gobernador-Heneral Primo de Rivera upang mapasuko ang mga mapanghimagsik subalit ang mga ito ay hindi nagtagumpay. Nabuo sa isipan ni Gobernador-Heneral Primo de Rivera at ng iba pang opisyal ng pamahalaan na hindi na nila mapipigil ang rebolusyon kayâ nagpasiya silang makipagkasundo. Nagpadala ng kinatawan si de Rivera sa panig ng mga mapanghimagsik subalit tumangging makipag-usap si Aguinaldo. Dahil dito, ang Espanyol-Pilipino na si Pedro Paterno ay nagboluntaryong mamagitan sa dalawang panig upang ang mga ito ay magkasundo. Dahil sa kanyang pagsisikap, tatlong kasunduan ang nilagdaan nina Gobernador-Heneral Primo de Rivera at ni Paterno na kumakatawan kay Aguinaldo.

Maganda ang layunin ng kasunduan subalit ito ay nabigo. Ang kawalan ng pagtitiwala ng magkabilang panig sa isa't isa ang dahilan kung bakit hindi nagtagumpay ang kasunduan. Ang mga Pilipino ay naghinala sa tunay na layunin ng mga Espanyol kayâ hindi silá nagsuko ng kanilang mga sandata. Wala silang balak ihinto ang himagsikan upang sa gayo'y matubos ang Pilipinas sa mapang-aliping pamamahala ng mga Espanyol. Nagpatuloy ang labanan at halos abot-tanaw na ng mga Pilipino ang tagumpay.

Pag-usapan

ANG KUMBENSIYON SA TEJEROS

Ang alitan sa pagitan ng dalawang pangkat ng Katipunan ay nakaapekto sa layunin ng samahan. Sa halip na mga Espanyol ang kalabanin ay silá-silá ang nag-away-away. Nagdaan ang ilang buwan at sunod-sunod na natalo ang mga Katipunero sa maraming labanan. Upang maresolba ang suliraning ito ay nagdaos ng isang kapulungan sa Tejeros, Cavite ang pangkat ng Magdalo at Magdiwang noong Marso 22, 1897. Layunin din ng pagpupulong na ito ang pagtatatag ng isang bagong pamahalaan. Idinaos ang isang halalang pinagkasunduan ng lahat na kailangang igalang kung sino man ang maihahalal.

Sa kumbensiyong ito nahalal si Aguinaldo bilang Pangulo at si Bonifacio bilang Direktor ng Interyor. Subalit ang pagkakapanalo ni Bonifacio ay tinutulan ni Daniel Tirona sapagkat si Bonifacio raw ay hindi isang abogado. Nagdamdam si Bonifacio at bilang Supremo ng Katipunan ay pinawalang-bisa niya ang resulta ng eleksiyon.

Gayumpaman, nanumpa pa rin si Emilio Aguinaldo kasáma ang kanyang gabinete bilang pangulo ng Rebolusyonaryong Pamahalaan noong Abril 1897. Dinakip at inakusahan agad ng pamahalaan si Bonifacio at ang kapatid nitong si Procopio ng pagtataksil sa bayan (*treason*). Upang litisin ang kaso ng magkapatid ay binuo ang konseho ng digmaan sa pangunguna ni Heneral Mariano Noriel. Tumagal ang paglilitis mula Abril 29 hanggang Mayo 4, 1897. Kahit walang sapat na ebidensiya ay pinatawan ng parusang kamatayan ang magkapatid. Noong Mayo 8, 1897 ang hatol na kamatayan ay binago ni Aguinaldo at ginawang pagpapatapon na lámang sa magkapatid na Andres at Procopio sa malayong lugar upang hindi silá makapaminsala sa pamahalaan. Subalit binawi ni Aguinaldo ang kanyang utos dahil sa paliwanag nina Heneral Mariano Noriel at Heneral Pio Del Pilar na patuloy na mahahati ang kilusan kung mananatiling buháy ang magkapatid na Bonifacio. Kayâ, noong Mayo 10, 1897 ang magkapatid na Bonifacio at Procopio ay pinatay sa Bundok Nagpatong sa Maragondon, Cavite.

ANG KASUNDUAN SA BIAK-NA-BATO

Pagkatapos ng pagpatay kay Bonifacio ay humina na ang mga mapanghimagsik. Ang mga nasakop na lugar ni Aguinaldo ay isa-isang nasakop muli ng mga Espanyol. Noong Hunyo 1897, nasakop ni Gobernador-Heneral Primo de Rivera ang Cavite. Dahil dito, ang hukbo ni Aguinaldo ay napilitang lumipat sa Talisay, Batangas. Mula rito, silá ay nagtungo sa Bulacan kung saan itinatag ni Aguinaldo ang Republika ng Biak-na-Bato. Noong Nobyembre 1,

ANG PAGKAKATUKLAS NG KATIPUNAN AT ANG SIGAW SA PUGAD LAWIN

Nang tuluyang dumami ang miyembro ng Katipunan ay lalong nag-alab ang damdamin ng samahang maging malaya sa pamahalaang Espanyol. Ang ganitong aksiyon at damdamin ng mga Pilipino ay hindi nalingid sa kanilang kaalaman.

Natiyak ang kaalamang ito nang mangumpisal si Teodoro Patiño, isa sa mga Katipunero kay Padre Mariano Gil nang silá ay magkaroon ng hidwaan ni Apolonio de la Cruz, na isa ring kapwa Katipunero. Naipagkanulo niya ang lihim na samahan na naging dahilan ng pagkilos ng pamahalaang Espanyol upang hulihin, dakpin, at pahirapan ang mga kasapi nito.

Kaya't noong ika-23 ng Agosto 1896, ay wala ng nagawa pa si Andres Bonifacio kundi ang ipatawag ang mga pinunò ng samahan at napagkasunduang simulan ang paghihimagsik. Sabay-sabay nilang pinunit ang kanilang sedula at sumigaw ng "Mabuhay ang Pilipinas" bilang tanda ng kanilang pakikipaglaban. Ang pangyayaring ito ay tinawag na *Sigaw sa Pugad Lawin*. Ito ang hudyat ng pagsisimula ng himagsikan. Lumaganap ang paghihimagsik sa iba't ibang bahagi ng bansa. Nanguna sa himagsikang ito ang mga lalawigang unang isinailalim ng mga Espanyol sa batas militar—ang Batangas, Tarlac, Bulacan, Cavite, Laguna, Nueva Ecija, Pampanga, at Maynila, na sumisimbolo sa walong sinag ng araw sa pambansang watawat ng bansa.

Nakalulungkot lámang na sa panahon ng pakikipaglaban sa mga Espanyol ay nahati sa dalawang pangkat ang Katipunan. Una ay ang paksiyon ng *Magdalo* na pinamunuan ni Baldomero Aguinaldo, pinsan at kakampi ni Emilio Aguinaldo at ang ikalawa ay ang paksiyon ng *Magdiwang* na pinamunuan ni Mariano Alvarez na panig naman kay Andres Bonifacio.



Emilio Aguinaldo

Si Emilio Aguinaldo ang namuno sa mga Katipunero sa Cavite. Siya ay isang batambatang pinunong ipinanganak sa Kawit, Cavite at naging Kapitan Munisipal sa gulang na 26. Dahil sa kanyang mahusay na pamumuno ay naging matagumpay ang lahat ng kanilang laban sa lugar. Natalo niya ang mga kawal na pinamunuan mismo ng Gobernador-Heneral noon ng bansa na si Ramon Blanco. Ang kanyang mga tagumpay ay nagpaningning sa kanyang pangalan at simula noon ay tinawag na siyang Heneral Miong mula sa pagiging Kapitan Miong.

itinaguyod ang kanyang mga kapatid. Hindi man nakapag-aral ay mahilig siyang magbasá ng mga aklat. Ang pagkakabasa niya sa nobela ni Dr. Jose Rizal at iba pang aklat ukol sa rebolusyon ay nagbukas ng kanyang damdaming makabayan. Sinulat niya ang "Dekalogo ng Katipunan" na nagsilbing isa sa mga gabay na ara ng samahan.

Naging gabay naman ng samahan ang "Kartilya ng Katipunan" na isinulat ni Emilio Jacinto. Kilalá rin siya sa sagisag na Dimasilaw at Pingkian ang naging "Utak ng Katipunan" at nagsilbing tagapayo ng samahan. Siya rin ang naging patnugot ng *Kalayaan*, ang opisyal na pahayagan ng samahan. Inilathala ito upang higit na gawing epektibo ang pagpapalaganap ng layunin ng samahan. Sa katunayan noong Marso 1896, ang una't huling paglathala ng pahayagan ay umabot lamang sa 300 bilang ang kasapi ng katipunan. Dumami ang bilang nito nang kumalat at makarating ang sipi ng pahayagan sa iba't ibang bahagi ng Luzon partikular sa Kamaynilaan.

Emilio Jacinto

Ang mga Katipunero ay nagmula sa iba't ibang sektor ng lipunan tulad ng mga manggagawa, mga magsasaka, mga kawani, mga guro, at mga negosyante. Ang mga kasapi ng samahan ay gumamit ng iba't ibang sagisag upang maproteksiyonan ang mga sarili laban sa mga guwardiya sibil. May tatlong antas na kinabibilangan ang mga kaanib ng Katipunan. Una ay ang mga *bayani* na kinikilalang pinakamataas sa samahan at may hudyat (*password*) na Rizal. Ikalawa ay ang mga *kawal* na may hudyat na GomBurZa at ang ikatlo ay ang mga *katipon* na may hudyat na Anak ng Bayan. Silá ay gumamit ng sistemang tatsulok sa paghahanap ng mga kasapi. Ang bawat kasapi ay dapat maghanap ng bagong kasaping hindi bababa sa dalawa kaya't ang mga Katipunero ay dumami nang hindi namamalayan ng mga guwardiya sibil.

Ang pagkatatag ng Katipunan ay naging daan ng pagkakabuo ng ganap na damdaming nasyonalismo sa puso ng mga Pilipino. Napagkaisa ng samahan ang maraming bilang ng Pilipino mapababae man o lalaki na wakasan ang pamahalaang kolonyal at nagbigay-daan sa ganap na kalayaan ng Pilipinas.

Pag-usapan Natin

A.

5. Sa iyong
ang ipinaglabang layunin?

MGA DAHILAN NG PAGKABIGO NG KILUSANG PROPAGANDA

Tunay na malaki ang ginampanan ng Kilusang Propaganda upang maiparating sa mga Espanyol ang paghihirap ng mga Pilipino sanhi ng hindi makataong sistema ng pamamahalang naghahari sa bansa. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pluma at ng sining ng pamamahayag ay unti-unting namulat ang mga mata ng ilang mga opisyal na Espanyol sa kaawa-awang kalagayan ng mga Pilipino. Naunawaan ng ilang mga pinunò ang mga dahilan kung bakit nanatiling lugmok ang ekonomiya ng bansa. Ilan sa mga pinunong Espanyol na nagkaroon ng simpatiya sa kalagayan ng mga Pilipino ay sina Miguel Morayta at Felipe de la Corte. Higit sa lahat, ang Kilusang Propaganda ang naging daan upang lalo pang umigting ang pagmamahal sa Inang Bayan ng maraming Pilipino hindi lámang ng mga ilustrado kundi maging ang mga karaniwang tao.

Gayumpaman, hindi maitatatwa na bigo ang mga repormistang makamit ang kanilang layuning maging probinsiya ng Espanya ang bansang Pilipinas. Higit sa lahat nabigo silang makamit ang mga hinihinging pagbabago sa sistema ng pamamahala ng mga pinunong Espanyol, partikular ang mga prayleng naghahari sa bansa. Maraming salik kung bakit hindi ganap na nagtagumpay ang Kilusan, unang-una na rito ay kakulangan ng pagkakaisa ng mga kaanib gaya ng di pagkakaunawaan nina Rizal at Del Pilar na naging sanhi kung bakit nahati ang grupo sa dalawa—ang maka-Del Pilar na pangkat at isang maka-Rizal na pangkat na naging dahilan ni Rizal para umalis sa samahan. Pangalawa, nabigo rin ang kilusan dahil na rin sa kakulangan ng pondo. Ang nalilikom na pera mula sa mga ambag ng mga makabayang Pilipinong nasa Pilipinas ay kapos para masuportahan ang mga proyekto at programa ng Kilusan. Pangatlo, maituturing ding salik ang kalagayang pampolitika ng Espanya nang inilunsad ng mga propagandista ang kanilang kilusan. Hindi napag-ukulan ng sapat na atensiyon ng pamahalaan sa Madrid ang kanilang mga kahilingan dahil nakatutok ang mga opisyal nito sa paglutas ng kanilang sariling problema. Panghuli, ang personal na problema ng mga repormista tulad ng pagkakasakit at kakulangan ng salapi para matustusan ang kanilang mga pangangailangan. Dagdag pa rito ang

Ang ilan pang kilalang propagandista at ang kanilang pangalan sa panulat ay sina Antonio Luna o Taga-ilog, Juan Luna o Buan, Jose Ma. Panganiban o JOMAPA, Mariano Ponce o Tikbalang, Naning, at Kalipulako, at iba pa.

Noong taong 1889, itinatag ang isang samahang binubuo ng mga Pilipino at Espanyol na kakatawan upang maisakatuparan ang kanilang mga layunin ng pagbabago. Ang samahang ito ay tinawag na Asociacion Hispano-Filipino (Kapisanang Espanyol-Pilipino). Layunin ng samahang ito na hingin sa pamahalaang Espanya ang pagtuturo ng wikang Espanyol sa lahat ng paaralan sa Pilipinas, ang pag-alis ng mga buwis sa lupa at simbahan, ang pagpapagawa ng mga daan at riles, ang pagtatayo ng paaralang sekundarya sa mga lalawigan at mga bangkong pang-agrikultura, at iba ipa. Ngunit dahil sa problemang pampamunuan at kakulangan sa pananalapi ay hindi nakapagpatuloy ang samahan.

Isang samahan pa ang itinatag ni Jose Rizal nang siya ay magbalik sa Pilipinas noong 1892. Ito ay ang *La Liga Filipina*, isang mapayapang samahang nagsasabing ang sinumang Pilipinong nagmamahal sa bansa ay maaaring umanib sa samahan. Ito ay may layuning:

- Pag-isahin ang mga Pilipino
- Tulong-tulong na maipagtanggol ng mga Pilipino ang sarili laban sa mga karahasan at pang-aabuso ng mga Espanyol
- Mahadlangan ang mga gawaing nakapipinsala at walang katarungan
- mapaunlad ang sistema ng edukasyon, pagsasaka, at pangangalakal sa bansa
- Mag-aral at magsagawa ng mga reporma

Maraming sumapi sa samahang ito kabilang na si Andres Bonifacio at Apolinario Mabini na ikinatakot ng pamahalaang Espanyol. Kaya't noong ika-6 ng Hulyo 1892 ay ipinadakip at ipinatapon nila si Jose Rizal sa Dapitan na naging dahilan ng paghina at tuluyang pagwawakas ng samahan. Malaking bahagi ang ginampanan ng samahang ito upang higit na mag-alab ang damdaming nasyonalismo ng mga Pilipino.

napakalungkot at napakamasalimuot na pagkamatay nina Lopez Jaena, Del Pilar, at Panganiban sa Espanya na naging dagok sa kilusan.

Hindi man ganap na nagtagumpay ang mapayapang kilusang ito, masasabing hindi nasayang ang mga ginawang pagpapagal ng ating mga dakilang repormistang nagbuwis ng búhay alang-alang sa kapakanan ng bansa. Bigo man ang Kilusan, masasabing ito'y nagdulot din ng malaking bahagi upang higit na mamulat ang damdaming nasyonalismo ng mga Pilipino. Ito ay nagbigay-inspirasyon para sa iba pang katulad na kilusang sumunod dito.

Pag-usapan Natin

1. Isa-isahin ang mga naging ambag ng Kilusang Propaganda sa pagpukaw ng damdaming makabansa ng mga Pilipino. (AP6PMK-Ic-5)
2. Ano-ano ang mga dahilan ng pagkabigo ng Kilusang Propaganda?
3. Kung ikaw ay isa sa mga nabuhay noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol, sasapi ka rin ba sa Kilusang Propaganda? Bakit?
4. Mayroon bang kilusan sa kasalukuyang panahon na nagsusulong din na lalong mahalin at pahalagahan ng mga Pilipino ang sariling bayan? Patunayan ang iyong sagot.

SI ANDRES BONIFACIO AT ANG PAGKAKATATAG AT PAGLAGANAP NG KATIPUNAN

Dahil sa pagkabigo ng Kilusang Propaganda Asociacion Hispano-Filipino, at La Liga Filipina sa kanilang mga layunin ay inisip ng maraming Pilipinong hindi nila makakamit ang kalayaan sa pamamagitan ng mapayapang paraan. Sa pangunguna ni Andres Bonifacio ay naitatag ang **Katipunan** o **Kataas-taasan, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan** (KKK) noong Hulyo 7, 1892. Ang mga sumapi sa samahan ay tinawag na mga **Katipunero.** Naging kabilang din sa samahan sina Deodato Arellano, Ladislao Diwa, Teodoro Plata, Valentin Diaz, at iba pa. Pangunahing mithiin nito ang ganap na kalayaan ng Pilipinas mula sa Espanya sa pamamagitan ng rebolusyon o paghihimagsik gamit ang mga armas. Layunin din nito ang pagtuturo at pag-aaral ng kagandahang asal upang mapairal ang pagkakapatiran at pagtutulungan ng bawat kasapi.

Andres Bonifacio

Si Bonifacio ay tinawag na "Ama o Supremo ng Katipunan." Isinilang siya sa Tondo, Maynila. Ang kanyang pamilya ay hirap sa búhay at silá ay maagang naulila sa magulang ngunit buong sikap niyang

ANG KILUSANG NAGBIGAY-DAAN SA PAGPUKAW NG DAMDAMING MAKABAYAN

Ang pagbitay sa GOMBURZA ay nagpasidhi ng damdaming nasyonalismo ng mga Pilipino. Hinangad nila ang pagkakaroon ng reporma o pagbabago sa katayuan nila sa lipunan. Nagtatag silá ng mga kilusan upang maisakatuparan ang mga ito. Itinatag ang Kilusang Propaganda noong 1882. Ang samahang ito ay gumamit ng panulat, papel, at karunungan upang maipaabot ang kanilang karaingan sa mga kinauukulan sa mapayapang paraan upang maiwasan ang pagdanak ng dugo. Layunin ng kilusang:

- maging pantay ang mga Espanyol at Pilipino sa harap ng batas
- gawing lalawigan ng Espanya ang Pilipinas
- magkaroon ng kinatawang Pilipino sa Cortes ng Espanya
- italaga ang mga Pilipinong pari sa mga parokya
- magkaroon ng karapatang pantao ang mga Pilipino.

Graciano Lopez Jaena

Ang mga kasapi ng kilusan ay tinawag na propagandista. Silá ay matatapang na sumulat ng mga artikulong naglalaman ng pang-aabuso ng mga Espanyol at ang kaawa-awang kalagayan ng mga Pilipino. Si Graciano Lopez Jaena, ang unang punong patnugot ng *La Solidaridad*. Siya ay isang mahusay na orador o mananalumpati at manunulat. Sa kanyang mga akdang *Fray Botod, Esperanza,* at *La Hija del Fraile* ay tinuligsa niya ang katiwalian ng mga prayle.

Dr. Jose Rizal

Kabilang din dito si Jose Rizal na gumamit ng pangalang Laong-Laan at Dimasalang sa kanyang pagsulat sa kilusan. Higit siyang nakilala sa kanyang dalawang nobelang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*. Tinuligsa nito ang katiwalian sa panahon ng Espanyol. Inihalintulad niya ito sa sakít na kanser na unti-unting sumisira sa lipunan. Ang kanyang nobelang *El Filibusterismo* ay inihandog niya sa GOMBURZA na lalong nagpagising sa damdaming makabansa ng mga Pilipino.

Marcelo del Pilar

Tinagurian namang pinakadakilang manunulat ng kilusang propaganda at isang mahusay na mananaggol si Marcelo H. del Pilar. Binuksan niya ang isip ng mga Pilipinong magkaisa upang labanan ang pang-aaping ginawa ng mga Espanyol. Binuo niya ang *Diariong Tagalog*, isang pang-araw-araw na pahayagang tumutuligsa sa katiwalian ng mga Espanyol. Gumamit siya ng pangalang Plaridel sa kanyang pagsulat at nakilala siya sa kanyang mga akdang *Dasalan at Tocsohan, Caligat Cayo,* at *Sagot ng Espanya sa Hibik ng Pilipinas*, at iba pa.